REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

**KAPASIYAHAN BILANG 55**

**KAPASIYAHAN NA NAGLALAAN NG HALAGANG DALAWANG DAANG LIBONG PISO (₱200,000.00) NA UPA SA SERBISYO NG PLANNERS AND PARTNERS NA MAGSASAGAWA NG PAGHAHANDA O PAGBABALANGKAS PARA SA PLANO NG PAGSULONG AT PAG-UNLAD NG BAYAN NG MUNTINLUPA.**

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

SAPAGKAT, ang gagawing pag-aaral at paghahanda sa pagpapaunlad ng Bayan ng Muntinlupa ay mangangailangan ng mga taong may sapat na kakayahan hindi lamang sa pinag-aralan kungdi maging sa karanasan man;

SAPAGKAT, ang gagawing paghahanda ay mangangailangan ng kaukulang dami ng tauhan, mga kagamitan at kasangkapang pantanggapan at iba pang karampatang panustos na kakailanganin sa pananaliksik at pagsisiyasat na nauukol sa planong isasagawa;

SAPAGKAT, ang gagawing paghahanda para sa ikauunlad ng Bayan ng Muntinlupa ay lubhang kailangan upang maitaas ang antas ng pamumuhay ng bawat naninirahan o mamamayan dito;

SAPAGKAT, nagkaroon na ng kasunduan (kontrata) ang pamahalaang bayan at Planners and Partners bago pa napagtibay ang kapasiyahang ito dahil sa pagkakaroon ng mahabang pag-uusap at pagtatalo hinggil sa nasabing paghahanda para sa ikauunlad ng Bayan ng Muntinlupa;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay napagpasiyahan at pinagpasiyahan pang muli na maglaan ng halagang Dalawang Daang Libong Piso (₱200,000) para sa upa sa serbisyo ng Planners and Partners na magsasagawa ng paghahanda sa plano ng pagsulong ng Bayan ng Muntinlupa.

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA ng lahat ng kasapi ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila sa kanilang pangtatlumpu't dalawang (32nd) pangkaraniwang pulong na ginanap noong ika-10 ng buwan ng Oktubre 1988.

PINATUTUNAYANG TOTOO:

ATTY. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan/Pangulong Opisyal

PINATOTOHANAN:

RAUL R. CORRO
Kalihim Bayan

PINAGTIBAY: Oktubre 10, 1988

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN



**Kapasiyahan Bilang 55**

**KGG. JAIME R. FRESNEDI**
**Pang.Punongbayan/Pang.Pangulong Opisyal**

| | |
|---|---|
| **KGG. CARLO G. TENSUAN**<br>**Konsehal** | **KGG. ALEJANDRO L.MARTINEZ**<br>**Konsehal** |
| **KGG. EPIFANIO A. ESPELETA**<br>**Konsehal** | **KGG. REY E. BULAY**<br>**Konsehal** |
| **KGG. ROMAN E. NIEFES**<br>**Konsehal** | **KGG.LUCIO B.CONSTANTINO**<br>**Konsehal** |
| **KGG. NEMESIO O. MOZO**<br>**Konsehal** | **KGG. RUFINO B. JOAQUIN**<br>**Konsehal** |
| **KGG. ROGER C. SMITH**<br>**Konsehal** | **KGG. NOLASCO L. DIAZ**<br>**Konsehal** |